ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 12
Hunyo 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Labanan ang gerang agresyon ng US-Israel laban sa Iran

Kaisa ng lahat ng pwersa at mamamayan sa buong daigdig na nagtataguyod sa kapayapaan, gumagalang sa kasarinlan ng mga bansa at sa internasyunal na batas, dapat manindigan ang sambayanang Pilipino laban sa walang probokasyong teroristang pagsalakay ng Zionistang estado ng Israel, kasabwat ang imperyalismong US, laban sa bansang Iran at sa mamamayan nito. Ang mahigit isang linggo nang walang patumanggang pag-atakeng ito, gamit ang mga *jetfighter*, misayl at *drone*, ay tahasang yumuyurak sa soberanya ng Iran at gumagatong ng mas malawakang gera.

Gamit ang mga sandatang binibigay ng US, pinupuntirya ng Israel ang mga pasilidad para sa enerhiyang nukleyar, repineriya ng langis, mga lugar na pang-industriya, mga pasilidad sa pananaliksik, maging ang mga gusaling sibilyan. Inaasinta nito ang susing mga upisyal militar at nangungunang mga syentista ng Iran. Sa loob ng isang linggo, hindi bababa sa 630 ang pinatay ng Israel sa mga pag-atake, kabilang ang halos 270 sibilyan.

Hindi katanggap-tanggap ang pagdadahilan ng Zionistang Israel sa pambobomba nito sa Iran, na layunin diumanong sagkaan ang pagkakaroon nito ng mga sandatang nukleyar. Ang ganitong pangangatwiran ng Israel, na sinusuhayan ni President Trump ng US, ay mariing pinasusubalian ng International Atomic Energy Agency ng United Nations na nagsabing walang patunay na may programa ang Iran para lumikha ng mga sandatang nukleyar, matapos ito mag-inspeksyon sa mga pasilidad pang-nukleyar.

Ang Israel ang pinakamalaking bantang nukleyar sa Middle East, dahil mayroon itong humigit-kumulang 100 sandatang nukleyar (*nuclear warheads*) at may kakayahang gumawa ng 300 pa. Wala itong karapatan na sagkaan ang Iran, isang independyenteng bansa, na magpaunlad ng sariling kakayahang nukleyar, para man sa enerhiya o para sa militar. Sa pag-atake ng Israel sa Iran, diniskaril nito ang pagsisikap ng Iran na muling buhayin ang Joint Comprehensive Plan of Action, tratado kontra sa paglaganap ng mga armas nukleyar, na ibinasura ng US noong 2018.

Estratehikong layunin ng pag-atake ng Israel sa Iran ang ipataw ang hegemonya ng imperyalismong US sa Middle East at kontrolin ang malawak na rekursong langis ng rehiyon. Pakay nitong parusahan ang Iran sa pagtindig nito para sa kanyang soberanya at sindakin ang ibang bansa sa rehiyon para yumuko



sa kapangyarihan ng US at Israel.

Kasuklam-suklam ang mga pag-atake ng Israel sa Iran, laluna't kasabay nito ay nagpapatuloy pa ang halos dalawang taon na nitong pambobomba at pananakop sa Gaza Strip, lupain ng mga Palestino. Halos 60,000 Palestino na ang pinatay sa henosidyo ng Zionistang estado ng Israel. Matapos lubos na durugin ang Gaza, ipinataw ngayon ng Israel ang isang masidhing krisis sa gutom at sakit sa pagbabawal nitong makapasok ang lahat ng ayudang makatao, pagkontrol sa pamamahagi ng pagkain, at halos araw-araw na walang pakundangang pamamaril sa mga nakapilang naghihintay ng ayuda.

Taglay ang suporta ng US sa pagwasak sa Gaza, lumakas ang loob ng Zionistang estado ng Israel, na palawakin ang gerang agresyon sa buong rehiyon ng Middle East. Sa nagdaang mga buwan, inatake nito ang Lebanon at Syria. Kinontrol ng mga mapanakop na pwersa ng Israel ang Golan Heights at iba pang estratehikong bahagi ng Syria, matapos makipagtulungan sa US at sa mga armadong grupo doon para ibagsak ang gubyerno ni Bashir al-Assad. Tuluy-tuloy rin ang pambobomba sa Yemen, katuwang ang US.

Dapat suportahan ng mga demokratikong pwersa sa mundo ang Iran sa pagtatanggol nito ng sarili laban sa agresyon at pananalakay ng US-Israel. Milyun-milyong mga Iranian ang nagtitipon sa Tehran at iba pang syudad sa Iran upang ipamalas ang kanilang pagkakaisa at tapang na labanan ang pananalakay ng Israel. Lubos ang karapatan ng Iran na gantihan ang Israel at ipagtanggol ang soberanya nito. Sa mga nagdaang araw, nagpalipad ito ng sarili nitong mga misayl. Marami sa mga ito, kabilang ang mga *hypersonic missile*, ay bigong pigilan ng depensa ng Israel. Sa harap ng lumalaking pinsala sa Israel, unti-unting napupukaw ang mamamayan ng Israel na magsalita at manindigan laban sa terorismo ng Zionistang estado.

Labis ngayong nahihiwalay ang Israel at US sa internasyunal na komunidad ng mga bansa. Mula Europe hanggang Asia, nagkakaisa ang panawagan sa Israel na tigilan na ang pag-atake sa Iran. Sa harap ng malawakang internasyunal at lokal na pagtutol, nag-uurong-sulong ngayon si Trump sa pinag-uusapang balak niyang tuwirang pumasok sa gera at maghulog ng 30,000-librang bomba sa Iran.

Dapat ibayong palawakin at palakasin ang panawagan ng mga demokratikong pwersa sa mundo para wakasan ng US at Israel ang pambobomba sa Iran. Kasabay nito, dapat ibayong palakasin ang panawagang suportahan ang mamamayang Palestino, at palayasin ang mga pwersa ng Zionistang estado ng Israel mula sa Gaza, upang bigyang daan ang mga Palestino na muling itindig ang kanilang mga tahanan at buhay. Dapat palakasin ang panawagan sa mamamayan ng Israel na manindigan laban sa pasistang rehimeng Netanyahu at igiit ang kagyat na pagwawakas sa mga gerang agresyon nito.

Ang gerang agresyon laban sa Iran ay tanda ng lumalalim na krisis ng imperyalismo, at isang mayor na tulak ng imperyalistang US sa ilalim ni Trump na muling hatiin ang mga yaman ng mundo, pabor sa kanyang interes. Mula Europe, tungong Middle East at Asia, nagiging lalong agresibo ang US sa pagbubuhos ng malaking rekursong pangmilitar, at paglulunsad ng mga *proxy war* laban sa mga bansang sumasagka sa pagpapataw nito ng hegemonya sa buong mundo.

Dapat magkaisa ang sambayanang Pilipino at suportahan ang mamamayan ng Iran sa paglaban sa imperyalistang gera. Kasabay nito, dapat kumilos ang sambayanang Pilipino laban sa paggamit ng imperyalismong US sa bansa bilang lunsaran ng gera. Dapat kumilos ang mga manggagawa at magsasaka, at itatag ang malapad na nagkakaisang prente upang labanan ang mga gerang agresyon ng US at paghahanda nito ng gera.

Dapat patuloy na palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at ang armadong pakikibaka sa buong bansa. Ang digmang bayan at rebolusyonaryong kilusan ang pinakamalakas na sandata ng sambayanang Pilipino para labanan ang papet na rehimeng Marcos, pigilan ang pakana nitong kaladkarin ang bansa sa digmaang pinasisiklab ng among imperyalista, at ipaglaban ang tunay na kalayaan ng bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 12 | Hunyo 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Labanan ang gerang agresyon ng US-Israel laban sa Iran 1
Nagpupunyagi ang BHB sa Northern Negros 3
Ka Louie, bayani at martir ng sambayanan 4
3 sundalo ng 62nd IB, napatay ng BHB 5
Impeachment trial ni Sara Duterte, inaantala 6
Mga protesta 6
Kontrol ng US sa AFP, lalong pinahihigpit 6
Sa madaling salita 7
Mga krimen ng berdugong 8th ID sa Samar 8
Nawalan ng trabaho sa agrikultura 9
2 kabataan, pinatay ng militar 10
Mga aktibistang Pilipino sa US laban kay Trump 10
Apela para sa pansamantalang paglaya ni Duterte 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Sa gabay ng kilusang pagwawasto

Nagpupunyagi ang hukbong bayan sa Northern Negros



Matapos ang dalawang taon, muli na namang magpapalit ng kumander ang 79th IB—ang batalyong nakatutok sa kampanyang kontra-insurhensya sa Northern Negros. Tulad ng target ng mga dating kumander ng batalyon na lansagin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong kilusan sa erya, bigong bababa sa pwesto si Lt. Col. Arnel Calaoagan.

Naging kumander ng batalyon si Calaoagan noong Hunyo 29, 2023, kahalili ni Lt. Col. J-Jay Javines na dalawang taon din sa pwesto. Sa kanyang pagkakatalaga, nangako siya na ipagpapatuloy ang "tagumpay" ng mga dating kumander ng 79th IB.

Noong Abril 6, 2021, upisyal na idineklara ng batalyon at mas mataas na kumand nito na nabuwag na ang larangang gerilya sa Northern Negros. Kasunod nito at ng sinasabing pagkabuwag ng iba pang larangan sa isla, ipinailalim sa kategoryang *state of stable internal peace and security* (SIPS) ang isla ng Negros noong unang kwarto ng 2024.

Pagwawasto

Malayo sa kahibangan ni Calaoagan ang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Northern Negros. Iniulat ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) ang mapagpasyang mga hakbang nito para pangibabawan ang mga kahinaan, iwasto ang mga pagkakamali at sumulong alinsunod sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas para sa kilusang pagwawasto.

Nagsikap ang Pulang hukbo para itaas ang kaalaman sa pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng pang-ideolohiyang mga pag-aaral. Nagkunot ng noo ang mga kumander at mandirigma para paunlarin ang paglalapat nito sa partikular na erya. Niresolba nila ang problema ng kusang pagpapakitid at pinaunlad ang kakayahan sa taktikang gerilya ng pagkokonsentra, paglilipat-lipat, dispersal at mabilis na pagkilos.

Ayon sa yunit, kahit sa harap ng pinakamatitinding operasyong kombat at *focus military operation* ng 79th IB sa larangang gerilya ay nagawa nitong panatilihin ang pwersa at naglunsad ng mga napapanahong kontra-kubkob na kampanya at palawakin ang erya ng operasyon.

Naisagawa ng BHB-Northern Negros sa panahon ni Calaoagan ang higit 20 opensibang operasyon na iba't iba ang tipo at saklaw. Nasamsam nila sa mga operasyong ito ang limang mataas na kalibre ng armas, higit 10 mas mababang kalibreng armas at daan-daang bala at iba pang kagamitang pandigma.

Taliwas sa pinalalabas ni Calaoagan na paubos na ang BHB sa erya, naitala ng yunit ang 12% paglaki sa bilang ng pultaym na Pulang mandirigma. Napadami rin ng yunit nang halos 20% ang bilang ng milisyang bayan sa saklaw na erya.

Signipikante rin ang pagsulong ng baseng masa sa Northern Negros dahil sa mapangahas na pagtatayo ng paparaming komite sa pag-oorganisa para itatag ang mga ganap na samahang masa. Kumilos ang masa para sa mga dayalogo at pakikipag-alyansa sa mga upisyal ng barangay. Nanindigan sila at nakipag-komprontasyon sa militar para ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Katuwang nito, mapanlikha at sikretong naisasagawa ang mga pag-aaral sa kurso ng Partido sa mismong tungki ng ilong ng kaaway. Dumarami ang mga kasapi ng Partido sa lokalidad na nakapagtatapos sa Batayang Kurso ng Partido.

"Ang hungkag na pahayag ni Calaoagan ng 'estratehikong' tagumpay...ay purong kathang-isip lamang. Aalis siya sa pwesto nang walang dalang tagumpay habang ang kilusang pagwawasto na pinasimulan ng Partido ay patuloy na nagpapalalim ng ugat sa Northern Negros," ayon kay Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng BHB-Northern Negros.

Ang tanging maipagmamalaki ni Calaoagan at ng 79th IB sa ilalim niya ay ang mahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao. Sa dalawang taon niyang panunungkulan, hindi bababa sa 49 na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang isinagawa ng mga pwersa ng 79th IB sa Northern Negros. Biktima sa mga kasong ito ang higit 22,000 katao kabilang ang 5,000 bata.

Sa pag-alis ni Calaoagan sa 79th IB, inaasahang itatalaga siya sa mas mataas na pwesto sa dibisyon sa Negros. Dapat patuloy na magkaisa ang masang Negrosanon para ilantad at labanan si Calaoagan at mga berdugong tulad niya. AB

Ka Louie Jalandoni, bayani at martir ng sambayanang Pilipino



Pinarangalan at pinagpugayan ng mga organisasyon, partido at grupo mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas at ibang bansa si Ka Luis Jalandoni (Ka Louie), na pumanaw noong Hunyo 7 sa Utrecht, the Netherlands, sa edad na 90. Kinilala siya bilang isang matatag na tagapagtaguyod ng kapayapaan, internasyunalista at huwarang rebolusyonaryo.

Ipinanganak si Ka Louie noong Pebrero 26, 1935 sa angkan ng malalaking asenderong may malalawak na tubuhan sa Silay City, Negros Occidental. Nag-aral at nagtapos siya sa pribadong paaralan at kalaunan ay naging pari ng simbahang Katoliko.

Sa panahon ng diktadurang Marcos, nagsilbi siyang malakas na tinig ng inaapi at pinagsasamantalahan, laluna ng mga manggagawang-bukid sa tubuhan, bilang isang aktibistang pari. Isa siya sa mga nagtatag sa Christians for National Liberation (CNL) at naging bahagi ng pamunuan nito.

Naging kasapi si Ka Louie ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Marso 1972 at gumampan ng iba't ibang tungkulin para sa rebolusyonaryong kilusan. Pormal siyang itinalaga bilang Internasyunal na Kinatawan ng National Demoratic Front of the Philippines noong 1977.

Noong 1989, itinalaga si Ka Louie bilang punong negosyador ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Mula noon, naging susing personahe si Ka Louie sa pagpirma ng mga kinatawan ng NDFP at GRP sa mga makabuluhang kasunduan. Pormal siyang bumaba sa pwesto noong 2016 at nagsilbing *senior adviser* sa *negotiating panel* mula noon.

Pulang saludo ng hukbong bayan

Nag-alay ng tahimik na *21-gun salute* ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang pagpaparangal at pagpupugay kay Ka Louie noong Hunyo 12, alinsunod sa tagubilin ng Komite Sentral ng PKP. Binasa sa mga pagtitipong ito ang mensahe ng parangal sa kanya ng Komite Sentral.

Sama-samang binigkas ng mga Pulang mandirigma ang "Parangal at Panata kay Ka Louie." Inilunsad rin sa Southern Tagalog ang "Kapehan" upang talakayin at dakilain si Ka Louie. Ayon kay Ka Maxie, isang upisyal sa pulitika ng BHB, "Makakaasa si Ka Louie na isasapuso at isasabuhay namin ang panata. Hindi masasayang ang kanyang buhay na inialay para sa rebolusyon at bayan."

Nagparangal din kay Ka Louie ang mga panrehiyong balangay at alyadong organisasyon ng NDFP. Kabilang dito ang NDF International Office, CNL, Liga ng Agham para sa Bayan, Compatriots, Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid, Kabataang Makabayan, Lupon ng mga Manananggol ng Bayan, at Artista at Manunulat ng Sambayanan at Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan. Pinakamaraming pahayag ang nagmula sa mga organisasyong nakabase sa isla ng Negros, lupang tinubuan ni Ka Louie.

Ayon sa Komite Sentral, sa pagdadalamhati ng rebolusyonaryong kilusan sa pagpanaw ni Ka Louie ay matibay nitong ipinapangako na itutuloy ang kanyang pamana ng walang pag-iimbot na paglilingkod, walang hangganang kababaang-loob, rebolusyonaryong katapatan, at paninindigan sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tuluyang makamit ang tagumpay.

Lokal at internasyunal na pagkilala

Daan-daan ang dumalo sa pagtitipon-parangal na inilunsad ng Bagong Alyansang Makabayan para kay Ka Louie sa University of the Philippines-Diliman noong Hunyo 17. Nagsama-sama sa isang bulwagan ang mga kaanak, nakatrabaho at nakasama ni Ka Louie, mga beteranong aktibista at ang bagong salinlahi at mga kabataang tagapagmana ng iniwan niyang pakikibaka.

Kinilala at pinuri si Ka Louie ng kinatawan ng gubyerno ng Venezuela at Norway na nakiisa sa programa. Kinilala rin siya ng mga naging bahagi ng *negotiating panel* ng GRP sa nagdaang mga negosasyong pangkapayapaan.

Pinagpugayan si Ka Louie ng mga ligal na pambansa-demokratikong organisasyon ng iba't ibang sektor ng lipunan. Itinuring nila si Ka Louie bilang mahusay na halimbawa ng walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay at lakas para sa adhikain ng sambayanang Pilipino.

Mula sa labas ng bansa, nagpahayag ng pagkilala kay Ka Louie ang mga partido at organisasyon mula sa Ireland, United States, Afghanistan, Germany, Turkey, Kurdistan at iba pang mga bansa. Para sa kanila, malaki ang ambag ni Ka Louie sa pagsusulong ng pandaigdigang kilusan ng mamamayan laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. AB

3 berdugong sundalo ng 62nd IB, napaslang ng BHB-Central Negros

PINASABUGAN NG Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) gamit ang M203 *grenade launcher* ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa Sityo Lip-o, Barangay Imelda, Guihulngan City, Negros Oriental noong Hunyo 14. Tatlong sundalo ang napatay sa atake.

Ayon sa mga residente, ipinuslit ng 62nd IB ang mga bangkay noong gabi ng Hunyo 14 papunta sa sentro ng Guihulngan City para itago ang kanilang pagkatalo. Tulad sa nagdaang mga pagkakataon, itinago ito ng mga sundalo para hindi masira ang kanilang imahe ng "pagtatagumpay" laban sa hukbong bayan.

Ang armadong aksyon ay paraan ng BHB para bigyang hustisya ang patung-patong na krimen ng 62nd IB laban sa mamamayan ng Central Negros.

Paglilitis sa kasong *impeachment* kay Sara Duterte, inaantala

LIBU-LIBONG MAMAMAYAN ang nagprotesta sa harap ng Senado sa Pasay City noong Hunyo 11 para itulak ang paglilitis kay Vice President Sara Duterte sa kaso niyang ng *impeachment*. Disyamado ang mamamayan sa tila pagprotekta ng Senado, na tumatayong *impeachment court*, kay Duterte sa ginawa nitong mga taktika ng sadyang pag-antala sa paglilitis.

Binatikos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at ibang grupo ang mga maniobra ng mga maka-Duterteng senador at maging ni Senate President Francis Escudero. Unang itinakda ang petsa ng pormal na pagbubukas ng *impeachment court* noong Hunyo 2, matapos ang apat na buwan nang pag-antala, ngunit inilipat ito ng Hunyo 11, huling araw ng sesyon ng senado.

Sa tulak ng ilang mga senador, napilitan si Escudero na tipunin na ang *impeachment court* noong Hunyo 10. Sa araw na iyon, itinulak ni Sen. Bato dela Rosa na ibasura ang kasong *impeachment*. Hindi sumang-ayon ang mga senador dito ngunit bumoto ang mayorya (18 senador) pabor sa pag-*remand* o pagbabalik ng reklamo sa House of Representatives.

Ibinalik ito sa mababang kapulungan para kumpirmahin umano kung sumunod sa konstitusyon ang proseso ng *impeachment* ng mga kongresista laban kay Duterte. Binatikos ng mga grupo ang hakbang na ito at sinabi ng maraming abugado at eksperto sa batas na labag ito sa konstitusyon.

Noong Hunyo 11, nagkaroon din ng mga protesta sa Iloilo City at Bacolod City. Naglunsad naman ang mga kasaping organisasyon ng Bayan ng demonstrasyon noong Hunyo 12 sa Cebu City at noong Hunyo 13 sa Baguio City at La Union laban sa mga maniobrang ito.

Kumilos din ang ibang mga grupo at alyansa laban sa pag-antala sa paglilitis kay Sara Duterte.



Pagpatay sa panukalang dagdag sahod, binatikos. Nagprotesta noong Hunyo 12 sa Quezon City ang Kilusang Mayo Uno at mga grupo sa paggawa para kundenahin ang pagpatay ng rehimeng US-Marcos at mga alipures nito sa panukalang batas para dagdagan ng ₱200 ang arawang sahod ng mga manggagawa. Idinahilan ng Senado na "wala nang panahon" at "walang sapat na pag-aaral" para talakayin ang panukala sa antas ng *bicameral conference* ng ika-19 na Kongreso.

Tanggalan sa Sun Ace Polymer, kinundena. Nagpiket ang mga manggagawa ng Sun Ace Polymer Manufacturing Corporation sa harap ng Department of Labor and Employment-National Capital Region noong Hunyo 10 para igiit ang agarang pagbabalik sa trabaho ng tinanggal na mga manggagawa nito. Iligal na tinanggal ng kumpanya ang 31 manggagawa matapos nilang ireklamo ang *labor-only contracting* at mga pang-aabuso sa trabaho. Ang Sun Ace ay nasa Valenzuela City at gumagawa ng *plastic sando bag*.

Kumpensasyon, ipinaglaban sa Batangas. Higit 1,000 magsasaka, mangingisda, manggagawang-bukid at maggagapak mula sa unang distrito ng Batangas ang dumalo sa isinagawang dayalogo sa Department of Agriculture-Calabarzon sa Balayan, Batangas noong Hunyo 18. Panawagan nila ang agarang pamamahagi ng kumpensasyon para sa epekto ng kalamidad at ang alokasyon ng *disaster fund* para sa tunay na rehabilitasyon ng kanilang kabuhayan.

Pangangamkam ng lupa sa Zambales, nilabanan. Nagbarikada ang mga residente at magsasaka ng Barangay Taltal, Masinloc, Zambales noong Hunyo 19 para pigilan ang nakatakdang demolisyon sa kanilang komunidad. Limang residente ang inaresto ng mga pulis dahil sa kanilang pagtutol. Inaagaw ng pamilyang Yap ang 32-ektaryang lupang binubungkal ng mga magsasaka sa lugar dahil tinanggal ito sa saklaw ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Bago ang barikada, nagtungo ang mga magbubukid noong Hunyo 10 sa Department of Agrarian Reform-Zambales sa bayan ng Iba para ipanawagan ang muling pagbubukas ng imbestigasyon ng ahensya kaugnay ng kanilang karapatan sa lupa.

Bilanggong pulitikal sa Quezon, palayain! Nagpiket ang mga grupo sa karapatang-tao sa Quezon noong Hunyo 16 para ipanawagan ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal sa prubinsya. Isinagawa ang piket sa bayan ng Pagbilao, at Lucena City kung saan dininig sa araw na iyon ang kasong kinahaharap nina Lino Baez at Willy Capareño.

Kontrol ng US sa militar at mga usaping seguridad ng Pilipinas, lalong pinahihigpit

Noong Hunyo 12, ginunita ng iba't ibang grupong makabayan ang ika-127 taon ng huwad na kalayaan ng bansa sa pamamagitan ng protesta sa harap ng embahada ng US sa Maynila. Binatikos nila ang umiigting na panghihimasok at interbensyong militar ng US sa Pilipinas at ang kriminal na papel ng US sa henosidyo sa Palestine.



Kinundena nila ang patuloy na pagpapalawak ng mga base militar ng US, dumaraming iniimbak nitong sandata at inilulunsad na *war games* sa Pilipinas. Batid nilang ginagamit ng papet na rehimeng US-Marcos ang sigalot sa dagat ng Pilipinas sa China para bigyang katwiran ang paghahanda ng digmaan gamit ang bansa bilang lunsaran.

Nitong unang hati lamang ng taon, tatlong malaking *war games* ang patong-patong na inilunsad ng US, bago at matapos ang dambuhalang Balikatan. Lumahok dito ang libu-libong tropang Amerikano, dala ang daan-daang mga sasakyan at armas na inilagak sa iba't ibang dako ng bansa. Kabilang sa mga ginamit sa mga *war games* ang Typhon Mid-Range Capability *missile system*, Marine Expeditionary Ship Interdiction System (NMESIS) at Marine Air Defense Integrated System (MADIS). Kamakailan, inianunsyo ng US ang paglalagak ng dagdag na mga Typhon *missile system* sa bansa.

Isa sa mga *war games* na ito ang Salaknib Phase 2 na isinagawa sa Nueva Ecija, Cagayan at Batanes, hanggang Hunyo 20. Tulad noong 2024, pinamunuan ito ng Joint Pacific Multinational Readiness Center-Exportable (JPMRC-X) ng US para sa "reyalistikong pagtutuwangan" ng mga hukbo ng US, Pilipinas at iba pa laban sa "banta sa seguridad sa Indo-Pacific," na walang ibang pinatutungkulan kundi ang China. Kasabay ng Salaknib 2, isinagawa ang Kamandag sa Luzon at Kasangga ng Pilipinas at Australia sa Mindanao.

Natatangi ang pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa dami ng mga kasunduang militar na pinasok nito at ng pasistang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga kaalyado ng imperyalistang US.

Sa balangkas ng Indo Pacific Strategy ng US, nakipagkasundo si Marcos noong 2023 para paramihin ang mga base militar ng US sa bansa sa ilalim ng EDCA. Pumailalim siya at ang AFP sa Bilateral Defense Guidelines at pinormalisa ang pagbabahagi sa US ng maseselang datos paniktik kaugnay sa pambansang seguridad sa pinirmahang Military Intelligence Sharing Agreement noong 2024.

Hindi bababa sa lima pang kasunduang militar sa mga alyado ng US ang pinirmahan at pipirmahan ng rehimen mula 2022 hanggang 2025. Sa mga kasunduang ito, binigyan ni Ferdinand Marcos Jr ng "unli access" (walang limitasyong akses) ang mga tropang dayuhan sa mga rekurso, lupa, himpapawid at karagatang Pilipino. Pinahintulutan rin niya ang mga tropang Japanese, New Zealander, Canadian at French, at kung sinu-sino pang imbitado ng US na mamayagpag sa Pilipinas nang halos walang pananagutan sa lokal na mga alintuntunin at batas.

Isa sa mga kasunduang ito ang Japan-Philippines Reciprocal Access Agreement (RAA) na pinagtibay ng parlamento ng Japan noong Hunyo 6. Una itong pinirmahan ng mga kinatawan ng dalawang bansa noong nakaraang taon at niratipikan ng Senado ng Pilipinas noong Disyembre 2024. Kapwa sa Japan at Pilipinas, mahigpit na tinutulan ng mamamayan ang kasunduan na ito na anila'y nagsisilbi lamang sa heyopulitikal na mga ambisyon kapwa ng Japan at US.

Noong Abril, magkasunod na nilagdaan ng rehimeng Marcos ang Defense Cooperation Agreement kasama ang Germany at ang Status of Visiting Forces Agreement (SOVFA) kasama ang New Zealand. Ang una ay para makapagbenta ang Germany ng mga armas nito sa Pilipinas nang may basbas ang US, habang ang pangalawa ay para pahintulutan ang mga tropa ng New Zealand na maglabas-masok sa bansa para lumahok sa mga *war games* at operasyong kombat na pinangungunahan ng US. Dalawa pang SOVFA, sa Canada at France, na may parehong tunguhin at dahilan, ang nakatakdang pirmahan ni Marcos ngayong taon. Dagdag ang mga ito sa SOVFA na pinirmahan ng Pilipinas sa Australia noong 2007.

Sa pamamagitan ng mga kasunduang ito, niyayakag ni Marcos ang lahat ng mga kasabwat ng US na yurakan ang soberanya ng Pilipinas at gamitin ang bansa at mga Pilipino na animo'y mga pyesa sa laro ng pakikipaggitgitan nito sa China. Isa itong malaking pagkakamali dahil lalo nitong hinihiwalay ang Pilipinas sa mga karatig-bansa at nagdadagdag ng ligalig sa rehiyong Asia. AB

SA MADALING SALITA

IKA-9

na taon nang nasa listahan ng 10 bansa ang Pilipinas na pinakamasama para sa mga manggagawa.

Pinagkunan: International Trade Union Confederation



₱39.8 bilyon*

o $700 milyon ang wawaldasin ng AFP para ipambili ng 12 dagdag na **FA50 *jetfighter*** para sa kampanyang pambobomba nito sa sibilyang mga komunidad sa kanayunan.

**sa palitang $1=₱56.85*

$869.4 BILYON

ang inilaan ng **69 na pinakamalalaking bangko sa mundo** para pondohan ang mga proyektong *coal*, *gas* at langis noong 2024, 23% na mas mataas kumpara sa 2023 na nasa $705 bilyon.

41%

sa 916 dayuhang kasambahay sa Hong Kong na bahagi ng pananaliksik ng Asian Migrants Coordinating Body-Hong Kong ay **pinagtatrabaho nang 11-16 oras kada araw** ng kanilang mga amo; 11% sa kanila ay pinagtatrabaho nang higit 16 oras.

10 lata ng sardinas

ilang bigas, asukal, kape at tsokolate ang "ipinamahagi" sa mga mangingisda sa Zambales bilang kumpensasyon sa kawalan nila ng kita dahil sa Balikatan *war games* noong Abril at Mayo; **228 sa 6,300** rehistradong mangingisda ang "nakabenepisyo."

30%

lamang ng mga klasrum ang maayos ang kundisyon sa pagbukas ng klase noong Hunyo 16;

165,443

ang kulang na klasrum.



₱11/kilo

pinakamababang presyo ng bilihan ng **palay** sa kasagsagan ng anihan noong Abril-Mayo, habang nananatiling ₱44.92/kilo ang presyo ng *regular milled* na bigas sa merkado.

Hunyo 26, 1994

kauna-unahang **Pride March** sa Pilipinas at buong Asia, na pinangunahan ng Pro-gay Philippines at Metropolitan Community Church.



Mga krimen ng berdugong 8th ID sa Samar

Patung-patong ang paglabag ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na nakapailalim sa 8th ID sa internasyunal na makataong batas sa paghahabol nitong ideklarang "insurgency-free" ang isla ng Samar.

Noong Hunyo 15, binaril ng nag-ooperasyong mga sundalo ng 63rd IB ang 16-taong gulang na estudyanteng si Jayson Grafil Padullo sa Bagong Bario, Barangay Pinanagan, Borongan City sa Eastern Samar. Papunta lamang si Padullo, kasama ang isang kaibigan, sa bukirin para sunduin ang kanyang ama.

Noong Hunyo 8, minasaker ng 20th IB ang tatlong magsasaka sa Barangay Nagoocan, Catubig, Northern Samar na pinalalabas na kabilang sa limang napaslang sa isang diumano'y armadong engkwentro. Ayon sa PKM-Northern Samar, sina Noel Lebico Sr, Arnel Aquino at Nonoy Norcio na mga tinukoy ng 8th ID na napatay nito ay mga ordinaryong magbubukid na matagal nang target ng brutal na kampanyang pagpapasuko ng 8th ID. Si Aquino ay dati nang inaresto ng 20th IB noong 2017.

Sa mga araw ding iyon, kumalat sa *social media* ang mga mensahe at bidyo ng mga residente ng ilang bayan sa Northern Samar hinggil sa hirap na dulot ng hamlet o pagsosona sa kanilang mga baryo. Inilantad ng mga taga-Las Navas, Catubig, Mapanas, Gamay at Palapag ang kanilang kalagayan, at nanawagan sa 8th ID na tapusin na ang paghahamlet na ipinataw simula Hunyo 8 para makapagtrabaho sa bukid. Ikinababahala nila ang patung-patong na gastusin sa pasukan, mga babayarang utang, at pang-araw-araw na pangangailangan.



Pagsosona sa mga komunidad

Dati nang ginagawa ang paghahamlet sa rehiyon ngunit sinimulan itong tawaging "lockdown" noong 2020, upang palusutin sa gitna ng pandemya. Sapilitang pinasunod ng mga pasistang tropang bahagi ng Retooled Community Support Program o RCSP na nakapakat sa baryo ang mga residente. Sa tabing ng sensus, nilibot nila ang kabahayan para isailalim ang masa sa interogasyon hinggil sa rebolusyonaryong kilusan.

Paglipas ng pandemya, nakagawian na ng lahat ng mga yunit ng 8th ID, na pagsosona tuwing may "nakakasagupang" kasapi ng BHB, may pinaghihinalaang presensya ng hukbong bayan, o may magsasakang pilit na "pinasusuko." Umaabot ng mula isang linggo hanggang ilang buwan ang tuluy-tuloy na paghahamlet. Maaaring magkaroon ng apat o higit pang malawakan, magkakapanabayan, at walang-patlang na paghahamlet sa isang taon.

Matindi ang epekto ng kahit isang panahon na paghahamlet. Hindi nakakapaghanapbuhay ang masa sa bukid, hinahalungkat ang mga bahay at dala nila, at pinagbibintangang kasapi o tagasuporta ng BHB ang sinumang makakasalubong sa labas ng baryo. Hindi iilan ang sibilyang inistraping dahil tumatakbo sila sa takot sa mga sundalo.

Sa mga barangay Hitapi-an at Roxas, Catubig, naabala ang mga residente sa sapilitang pagpapa-*logbook* kahit para lamang sa maiiksing lakad malapit sa baryo. Nilimitahan din ng mga sundalo ang oras ng pagtrabaho sa bukid.

Kampanya sa pagpapasurender

Sa ilalim ng mga *hamlet*, pinaiigting ng militar ang kampanyang pagpapasuko. Noong 2024, inistraping ng 74th IB ang ilang magsasakang nagtatrabaho sa koprasan sa Sityo Canonghan, Barangay Osmeña, Palapag. Hinuli ang mga biktima, kabilang ang mga menor de edad, at dinala sa pabahay para sa mga "surenderi" sa bayan ng Mondragon. Ginawang pain ang mga dinakip upang ipresyur na "sumuko" ang mga kaanak nilang matagal nang hinahabol ng militar.

Lalong nahihikayat na magpataw ng *hamlet* ang militar dahil limpak-limpak ang pondong nahuhuthot nila mula sa Enhanced Community Livelihood Integration Program o E-CLIP, ang programang nag-aalok ng barya-baryang pabuya sa mga "surenderi." Mas marami ang "surenderi," mas malaki ang kita. Sa pamamagitan ng paghahamlet, napadadali ang mas maraming "pagsuko" ng masang kumakalam ang sikmura.

Sa bayan ng Palapag, ilang pinasukong residente ang ipinalalabas na nabigyan ng tig-₱40,000 na ayudang panghanapbuhay ngunit ₱4,000 lamang ang natanggap nila. Sa Gamay, ₱10,000 ang diumano'y ibinigay sa kada "surenderi," ngunit ₱6,000 nito ay diretsong ipinabulsa kay Renato "Renay" Rebay, sagadsaring traydor at mamamatay-taon.

Sa Las Navas, hindi naiuwi ng mga "surenderi" ang mga delata at saku-sakong bigas na ginamit sa mga litrato matapos iparada katabi ng meyor at ng mga upisyal ng 20th IB. AB

Nawalan ng trabaho sa agrikultura bunga ng kapabayaan at pangangamkam ng lupa

Patuloy na lumulubha ang kalagayang pangkabuhayan ng masang magsasaka sa kanayunan. Mayorya ng mga magsasaka ay wala o kulang sa lupa, at walang ibang hanapbuhay na mapagkakakitaan.

Hindi ito mapagtakpan kahit duktorin pa ng rehimeng US-Marcos ang mga estadistika. Sa kamakailang ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA), mahigit 609,000 ang nawalan ng trabaho sa sektor ng agrikultura noong Marso 2024 hanggang Abril 2025. Tinatayang nasa 483,000 dito ay mga magsasaka na nagtatanim ng palay. Sa datos naman ng Ibon Foundation, aabot sa dalawang milyon ang nawalan ng trabaho sa agrikultura noong 2024, habang sa sektor ng pangisda, 276,000 mamamalakaya ang nawalan ng trabaho sa taong 2024.

Ang sumisidhing krisis sa kabuhayan sa kanayunan ay bunga pangunahin ng atrasadong sistema sa agrikultura at kawalan ng industriya. Ani Danilo Ramos, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang patuloy na pagtaas ng bilang ng walang trabaho ay hindi simpleng usapin ng "hindi tugma ang kasanayan." Ito ay direktang epekto ng hindi lumalago na agrikultura at sektor ng industriya na syang dapat na pagkukuhanan ng sustenableng trabaho, aniya.

Lalong nalulugmok sa kahirapan ang masang magsasaka dulot ng pagbabago ng klima, sunud-sunod na bagyo at sakuna, patuloy na pagbagsak ng presyo ng produkto, pagbaha ng imported na mga agrikultural na produkto, pagpalit-gamit sa mga lupa, militarisasyon at marami pang iba.

Nagpapatuloy at lalupang lumala ang kalagayan ng mga magsasaka sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Dagdag sa huwad na programang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), ipinatupad nito ang iba pang mga neoliberal na programa tulad ng Support to Parcelization of Lands for Individual Tilting (SPLIT), New Agrarian Emancipation Act (NAEA), Build Better More at EO 18 o Green Lanes for Strategic Investment para sa mga proyekto sa enerhiya.

Resulta ng mga patakarang ito ang pagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang mga lupa, paghahati-hati para makontrol ang mga magsasaka, habang binibigyang pabor ang mga panginoong maylupa, oligarikya at mga dayuhang mamumuhunan. Ilan sa mga halimbawa nito ang pagpapalayas sa mga magsasaka sa Lupang Ramos sa Cavite, Hacienda Tinang sa Tarlac, komunidad ng BTL sa Bukidnon at ang pinakamukha ng kahungkagan ng CARP, ang Hacienda Luisita ng pamilyang Cojuangco-Aquino.

Mula Hulyo 2022 hangang Enero 2025, nakapamahagi diumano ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng halos 195,000 na titulo ng lupa. Ganunpaman, 68% dito ay mula sa SPLIT—pinaghati-hati na kolektibong Certificate of Land Ownershio Award (CLOA) at hindi mga bagong lupa na pinamahagi sa mga magsasakang walang lupa. Sa kabila ng malaking pondo, 12% lamang ang naabot mula sa target ng programang SPLIT.



Upang palabasing tinutupad ng rehimeng US-Marcos ang kanyang tungkulin sa mga magsasaka, tusong umikot siya sa iba't ibang prubinsya upang mamigay ng mga walang kwentang titulo. Sa katunayan, ang SPLIT at NAEA ay mga iskema upang ihanda ang mga lupa para sa "malayang pamilihan" kung saan ibebenta, pauupahan o papalitan ng gamit ang mga agrikultural na lupa.

Ani Ramos, "Ang layunin ng mga programa ay hindi para matiyak ang karapatan ng mga magsasaka kundi upang hawanin ang daan para sa mga *real estate*, imprastraktura, at mga kumpanya sa enerhiya na makuha ang mga lupa na nakapailalim sa CARP."

Ayon sa datos ng KMP, nasa 28% ng parsela ng lupa lamang ang pag-aari ng mga magsasaka, sa ganoon, 7-8 sa 10 magasasaka ay walang sariling lupa. Sa hanay ng mga panginoong maylupa, 20% ng lupang sakahan ay pag-aari nila, habang 68% lahat ng sakahan ay pinagkasya sa 13% ng lupa.

Sa ilalim ng banderang "berde" na pag-unlad, pinabilis ng rehimeng US-Marcos ang pagbigay ng pahintulot sa mga kumpanya na mangamkam ng lupa laluna ang mga dayuhang namumuhunan. Nasa ₱5.239 trilyon na halaga ng mga proyektong *renewable energy* ang nagbabantang magpapalayas sa libu-libong mamamayan.

Maliban pa rito, may 207 na proyektong imprastraktura tulad ng Bulacan International Airport, New Clark City Pampanga, at TARI *estate* sa Hacienda Luisita na magpapalayas sa mga magsasaka at katutubo, sisira sa kabuhayan at magtataas sa presyo ng lupa para sa benepisyo ng mga namumuhunan. AB

2 kabataan, pinatay ng militar

Hustisya ang panawagan ng mga kaanak para sa 24-anyos na si Junjun Binoy na pinaslang ng mga sundalo ng 94th IB sa Sityo Bugtangan, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong Hunyo 6. Pinalalabas ng mga sundalo na myembro siya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at napaslang sa isang armadong labanan.

Samantala, tinortyur at binugbog ng mga sundalo ang 59-anyos na ama ni Binoy na si Judy, na kasama niya noon.

Sa Surigao del Sur, pinatay ng elemento ng *special forces* ng militar ang 25-anyos na si Davie Ugking sa Km 9, Barangay Diatagon, Lianga noong Hunyo 6. Pauwi ang biktima mula sa trabaho nang pagdiskitahan ng militar. Tinorytur si Ugking bago pinatay batay sa mga pasa at sugat sa kanyang katawan.

Pag-aresto. Sa Agusan del Sur, siyam na indibidwal ang inaresto ng mga pulis at militar habang bumabyahe at pinahinto sa isang tsekpoynt sa bayan ng Bunawan noong Hunyo 13 ng gabi. Ang mga inaresto ay sina Charisse Bernadine Bañez, Ronnie Igloria, Louvaine Erika Espina, Sinag Lugsi, Larry Montero, Daryl Man-Inday, Arjie Guino Dadizon, Grace Niknik Man-aning, at Leo Taba, kasama ang dalawang drayber. Dinakip sila sa bintang ng iba't ibang kasong kriminal at paratang na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Ayon sa ulat, sapilitan silang pinababa sa mga sasakyan at pinadapa ng dalawang oras. Makalipas nito, isinagawa ang "paghahalughog" sa kanilang gamit at sasakyan kung saan nakumpiska ang mga armas at pampasabog. Sa sumunod na araw, naiulat na nawawala si Taba at ang dalawang drayber ng mga van na sinakyan nila.

Sa Bohol, inaresto sa hindi pa malinaw na kaso ang pangkalahatang kalihim ng Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL)-KMP na si Joemar Pogio sa kanyang bahay sa San Miguel noong Hunyo 8.

Demolisyon. Sa Bukidnon, sa kabila ng mariing pagtutol ng mga residente ay itinuloy ng Central Mindanao University, katuwang ang daan-daang pulis, ang marahas na demolisyon sa mga bahay ng mga magsasakang naninirahan sa Barangay Dologon Maramag noong Hunyo 16. Ang mga residente ay mga kasapi ng Buffalo-Tamaraw-Limus Multipurpose Cooperative at Musuan Inhabitants' Landless Farmers Association.

Daan-daang bahay ang winasak sa demolisyon, na nag-iwan sa 1,566 magsasaka na walang matirhan. Limang residente ang inaresto ng mga pulis matapos makiusap na anihin ang kanilang mga tanim na palay. AB

Mga aktibistang Pilipino sa US, lumahok sa protesta laban kay Trump

MILYUN-MILYONG MAMAMAYAN ng US ang naglunsad ng mga protestang tinaguriang araw ng “No Kings” (o Walang Hari) noong Hunyo 14, bilang pagtutol sa pasismo at anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng Trump. Umabot sa 2,000 protesta sa 1,500 syudad ang inilunsad sa buong bansa.

Tinawag ang protesta na “No Kings” laban sa pag-aastang-hari ni Trump, at pag-angkin ng kapangyarihang lagpas sa pagiging presidente. Panawagan din ito para sipain siya sa kanyang "trono."

Sa Los Angeles, ang protesta na ito ay kasunod nang mahigit isang linggong malawakang protesta laban sa pagtugis sa mga imigrante at pagdeploy ng National Guard at Marines sa syudad. Kabilang sa lumahok sa mga protesta ay ang Migrante LA, Anakbayan LA, Gabriela LA at National Alliance for Filipino Concerns. Umabot sa 330 imigrante sa syudad ang idinetine ng ICE mula Hunyo 6.

Kasabay ng pagdalo ng mga pambansang demokratikong organisasyon sa “No Kings,” nagsabit ang mga myembro ng Anakbayan Philadephia ng istrimer na may panawagang “US Out of the Philippines” sa may Vine Street, Expressway, Philadelphia.

Apela para sa pansamantalang paglaya ni Duterte sa detensyon ng ICC, tinutulan

MARIING TINUTULAN NG mga pamilya ng biktima, abugado ng karapatang-tao, at progresibong organisasyon ang apela para sa pansamantalang pagpapalaya sa dating pangulong si Rodrigo Duterte mula sa pagkakakulong sa International Criminal Court (ICC) sa The Hague, The Netherlands. Anila, ang hakbang na ito ay banta sa hustisya para sa libu-libong pinaslang sa ilalim ng “war on drugs” at magpapalakas sa kultura ng kawalang pananagutan sa mga krimen laban sa sangkatauhan.

Binigyang-diin ng mga biktima at pamilya ng mga biktima na mapanganib ang apela dahil maaaring gamitin ito ng kampo ni Duterte para takutin ang mga nananawagan ng hustisya.

Nanawagan sila sa ICC na huwag pagbiyan ang apela. Anila, nananatiling makapangyarihan sa pulitika ang pamilyang Duterte sa Pilipinas, at sa katunayan ay patuloy na nananaig ang anak na si Sara Duterte na patuloy na nananaig sa kabila ng kasong *impeachment* laban sa kanya.